

Kasanayan sa Wikang Filipino ng mga Mag-Aaral ng Junior High School sa Sulu National High School

Farhaina H. Ayyub^{1*} and Alnadzma U. Tulawie^{2*}

School of Graduate Studies, Sulu State College, Jolo, Sulu, 4700, Philippines

*Corresponding author: sscgspub@sulustatecollege.edu.ph

ABSTRAK. Sinuri sa pananaliksik na ito ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino mula sa Junior High School ng Sulu National High School. Inisa-isa nito ang anim na mahahalagang aspeto: pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, saloobin at motibasyon, kasama na ang aktwal na paggamit ng wika sa kanilang tahanan at komunidad. Gumamit ng kwantitatibong paraan at deskriptibo-korelasyonal na disenyo upang mangolekta ng datos gamit ang isang maaasahang talatanungan mula sa isandaang (100) kalahok, na pinili gamit ang tamang sampling technique. Sa pagsusuri ng impormasyon, ginamit ang mga sumusunod: dalas, porsyento, weighted mean, standard deviation, t-test, one-way ANOVA, at Pearson correlation. Ayon sa resulta ng pag-aaral, maliwanag na nag-iiba-iba ang antas ng kakayahan ng mga estudyante. May ilang aspeto na nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan, habang ang iba naman ay nangangailangan pa ng karagdagang tulong. Bagaman walang napatunayan na makabuluhang koneksyon ang mga demograpikong salik sa kakayahan ng mga estudyante, lumitaw ang isang mahalagang pananaw: may positibong ugnayan ang iba't ibang pangalawang mga kategorya ng kasanayan. Ipinapakita nito na ang pag-unlad sa isang bahagi ay maaaring makaapekto sa iba pang aspeto. Ang kakayahang pangwika ay isang mahalagang aspeto na tinututukan sa pag-aaral na ito. Itinuturo ng pananaliksik na ang pagiging mahusay sa Wikang Filipino ay isang kumplikadong proseso na konektado sa iba't ibang salik mula sa lipunan, kultura, at edukasyon. Dahil dito, napakahalaga ang patuloy na pagpapalakas nito kapwa sa loob ng paaralan at maging sa labas nito.

MGA SUSING SALITA: kasanayan sa wikang Filipino, pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsulat, saloobin at motibasyon, gamit ng wika, junior high school, Sulu National High School

ARTICLE DETAILS

JEAS-00141; Received: May 2, 2026; Accepted: May 21, 2026; Published: June 11, 2026

CITATION:

Ayyub, F. H. & Tulawie, A. U. (2026). *Kasanayan sa Wikang Filipino ng mga Mag-Aaral ng Junior High School sa Sulu National High School*. *Journal of Education and Academic Settings*, 3(1). DOI: 10.62596/788f0z39

COPYRIGHT

Copyright © 2026 by author(s). *Journal of Education and Academic Settings* is published by Stratworks Research Inc. This is an Open Access article distributed under the terms of the Creative Commons Attribution License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>), allowing redistribution and reproduction in any format or medium, provided the original work is cited or recognized.

1. INTRODUKSYON

Sa kasalukuyang panahon, hindi lamang sapat na ang kaalaman sa akademya na ibinibigay ng ating sistema ng edukasyon para sa mga kabataan. Mahalaga rin na magkaroon sila ng mataas na antas ng kakayahan sa pakikipagkomunikasyon, gamit ang wika bilang pangunahing paraan ng kanilang pagkatuto. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng Wikang Filipino bilang pambansang wika, lalo na't ito ang nagsisilbing koneksyon sa komunikasyon at tagapangalaga ng kultura at

kaalaman sa lipunan. Sa katunayan, ipinaliwanag ng mga mananaliksik na sina De Mesa at Labao (2022), mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang mga akademikong konsepto kapag Filipino ang ginagamit na wika sa pagtuturo. Ito ay dahil ang paggamit ng wikang ito ay tumutugma sa kanilang personal na karanasan at sa kultura nilang kinalakhan.

Gayunpaman, sa konteksto ng Sulu National High School, nagiging komplikado ang mga sitwasyon dulot ng multilinggwal na kapaligiran ng probinsya. Dito, ang Bahasa Sug (Tausug) ang pangunahing wika na ginagamit sa pang-araw-araw na usapan. Ngayon, base naman sa pagsusuri ni Tantalie (2021), mas nakasanayan naman ng mga estudyante sa Sulu na gumamit ng kanilang lokal na wika o Ingles kaysa sa Filipino. Dahil sa kakaunting pagkakataon na ito, bumabagsak ang kanilang pundasyon sa pambansang wika, lalo na sa mga aktibidad na nangangailangan ng bahay at pormal na talakayan. Ang ganitong sitwasyon ay maaaring magdulot ng mga problema sa pag-unawa ng mga pormal na aralin, malabong pakikilahok sa mga talakayan sa klase, at kakulangan ng tiwala sa pagpapahayag ng sariling opinyon gamit ang wikang Filipino.

Sa pandaigdigang konteksto, ang kasanayang pangwika ay nahahati sa apat na pangunahing aspeto: pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat (Richards & Schmidt, 2010). Ayon sa isang pananaliksik ng mga mananaliksik na sina Brown at Lee (2015), ang matagumpay na pagkatuto ng isang wika ay nakasalalay sa kanyang kontekstong panlipunan. Mas lalago ito kung ang mga mag-aaral ay aktibong kalahok sa mga kolaboratibong aktibidad. Sa kabilang banda, sa pananaliksik ng mananaliksik na si Nation (2013), ang pagkakaroon ng masusing bokabularyo ay mahalaga upang maging maayos ang komunikasyon at pag-unawa sa anumang usapan. Ipinakita rin ni Abrams (2019) na ang pakikinig ay nagsisilbing pangunahing batayan ng lahat ng kakayahan, lalo na para sa mga tao na itinuturing ang Filipino bilang kanilang pangalawang wika. Ayon sa pagsusuri ng mga lokal na pag-aaral, malinaw na inilarawan nina Bautista at Bernardo (2017) na ang kasanayan sa Wikang Filipino ay may direktang positibong epekto sa akademikong tagumpay ng mga estudyante. Sa kabaligtaran, natuklasan ni Gonzales (2016) na ang kakulangan sa pang-unawa sa mga tekstong nakasulat sa Filipino ay nagiging malaking hadlang sa pagbuo ng mas mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat at pagbasa. Maliban sa sitwasyon sa paaralan, may ilang mga panlabas na salik na nakakaapekto dito. Isang halimbawa ay ang pag-aaral ni De Guzman (2020), kung saan lumitaw na mayroong epekto ang antas ng edukasyon ng mga magulang sa pag-unlad ng kakayahang pangwika ng kanilang anak. Pinagtibay naman ito ng pananaliksik ni Navarro (2021) na nagsasabing ang tunay na paggamit ng wika sa kanilang komunidad ay may malaking kontribusyon sa pagpapaunlad ng kasanayang lingguwistiko at pagkakakilanlan ng mga kabataan.

Makikita rito na kahit na maraming pag-aaral ang isinagawa tungkol sa kakayahan sa Filipino, karamihan sa mga ito ay nakatutok lamang sa mga rehiyong pare-pareho o may malaking exposure sa pambansang wika. Patuloy ang malaking kakulangan ng mga empirikal na datos ukol sa mga natatanging komunidad na multilinggwal at may mataas na pagpapahalaga sa kultura, tulad ng Sulu, kung saan hindi Filipino ang pangunahing wika sa kanilang lipunan. Dito matatagpuan ang halaga ng kasalukuyang pag-aaral na naglalayong suriin ang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa wikang Filipino sa ganitong konteksto, pati na rin ang kanilang pananaw at paraan ng paggamit ng wika sa loob ng kanilang mga tahanan. Para maging matibay ang batayan ng pag-aaral na ito, nakatutok ito sa Teoryang Komunikatibong Kakayahan ni Hymes (1972) at sa Sociocultural Theory ni Vygotsky (1978). Pareho silang naniniwala na ang wika ay higit pang nahuhubog dulot ng pakikipag-ugnayan sa lipunan at mga karanasang konteksto. Sa pangkalahatan, ang layunin ng pag-aaral na ito ay tukuyin ang kasalukuyang antas ng kakayahan sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral sa antas na Junior High School ng Sulu National High

School. Kasama rin dito ang pagsusuri kung paano nag-iiba o nagtutugma ang mga aspeto nito batay sa kanilang mga demograpikong katangian.

2. METHODS

2.1. Disenyo ng Pananaliksik

Upang mabisang masuri at mailarawan ang kasalukuyang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino sa Junior High School ng Sulu National High School, ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng deskriptibong metodolohiya. Ang ganitong uri ng disenyo ay nagpapakita ng opinyon ni Calmorin (1995), na nagsasabing ang deskriptibong pananaliksik ay nakatuon sa paglalarawan ng aktwal na sitwasyon o mga katangian ng mga baryabol na sinusuri. Sa kabilang aspeto, ang bahagi ukol sa korelasyon ay layuning alamin kung mayroong pagkakaugnay sa pagitan ng mga ito. Sinusuri nito ang relasyon o koneksyon sa mga aspekto na nabanggit. Gamit ang estratehiyang ito, sinuri at pinagsama-sama nang maayos ang iba't ibang aspeto ng mga kakayahan ng mga estudyante, partikular sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsusulat. Kasama sa pagsusuri ang kanilang mga saloobin at dahilan, pati na rin ang konteksto ng paggamit ng wika sa loob ng kanilang pamilya at komunidad. Dagdag pa rito, tinukoy din sa pag-aaral kung paano nag-iiba o nag-uugnay ang nasabing mga aspeto ayon sa demograpikong grupo ng mga kalahok.

2.2. Lugar ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa Sulu National High School, matatagpuan sa Barangay Bangkal, Patikul, Sulu. Bilang isa sa mga pangunahing pampublikong mataas na paaralan sa lalawigan, nagsisilbing sentro ng kaalaman ang institusyong ito para sa mga kabataan mula sa iba't ibang barangay. Ang pagpili ng paaralang ito bilang aking lugar ng pag-aaral ay dulot ng natatanging multilinggwal na kapaligiran nito. Sa mga klase at mga pang-akademikong aktibidad, isinasagawa ang sabay-sabay na paggamit ng Wikang Filipino at iba pang lokal na diyalekto. Nagbibigay ito ng mahusay na pagkakataon upang masuri ang tunay na kakayahan ng mga mag-aaral sa ating pambansang wika.

2.3. Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang mga respondente na lumahok sa pag-aaral ay binubuo ng sandaang (100) mag-aaral mula sa Junior High School, mula Baitang 7 hanggang Baitang 10, para sa taong panuruan 2025–2026. Makikita sa susunod na presentasyon ang detalyado at bilang ng mga mag-aaral na naging parte ng pagsusuri.

Talahanayan 1. Distribusyon ng mga Target na Respondente Batay sa kanilang Baitang

Baitang	Bilang ng Respondente
Ika-7 Baitang	25
Ika-8 Baitang	25
Ika-9 Baitang	25
Ika-10 Baitang	25
Kabuuan	100

2.4. Pamamaraan sa Pagpili ng Kalahok

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang purposive sampling technique upang pumili ng mga estudyanteng magiging kalahok. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, nais naming piliin ang mga estudyante na aktibong nakikibahagi sa mga pag-uusap tungkol sa asignaturang Filipino at may kakayahang maghatid ng mahahalagang impormasyon para sa kanilang pag-aaral. Ang estratehiyang ito ay talagang umaakma sa opinyon ng mga mananaliksik na sina Creswell at Guetterman (2019). Ayon sa kanilang pahayag, ang purposive sampling ang pinakamainam na pamamaraan para sa mga pag-aaral na nangangailangan ng mga kalahok na may tiyak na katangian. isang pagsisikap na tiyakin na ang mga pangunahing layunin ng pananaliksik ay ganap na natutugunan at nakakamit.

2.5. Instrumento ng Pananaliksik

Gumamit ang mga mananaliksik ng isang sistematikong talatanungan na pinamagatang “Kasanayan sa Wikang Filipino ng mga Mag-aaral sa Junior High School ng Sulu National High School” bilang pangunahing kasangkapan para sa pagkuha ng datos. Ang paggawa ng instrumentong ito ay nagsimula at nagmula sa mga kilalang akdang pampanitikan at pamantayan na inihanda nina Richards at Schmidt (2010), Bautista at Bernardo (2017), pati na rin ni Abrams (2019).

Upang mas maging maayos ang pagsusuri ng mga baryabol, ang talatanungan na ito ay nahati sa dalawang bahagi:

- Bahagi I – Demograpikong propayl (edad, kasarian, antas ng edukasyon ng magulang, kita)
- Bahagi II – Kasanayan sa anim na aspekto:
 - Pakikinig
 - Pagsasalita
 - Pagbasa
 - Pagsulat
 - Saloobin at motibasyon
 - Gamit ng wika sa tahanan at komunidad

Ginamit ang 5-point Likert scale sa pagsagot ng talatanungan.

Talahanayan 2. Iskala ng Interpretasyon		
Iskala	Saklaw	Interpretasyon
5	4.50–5.00	Lubos na Sumasang-ayon
4	3.50–4.49	Sumasang-ayon
3	2.50–3.49	Hindi Tiyak
2	1.50–2.49	Hindi Sumasang-ayon
1	1.00–1.49	Lubos na Hindi Sumasang-ayon

2.6 Paraan ng Pagkalap ng Datos

Bilang unang hakbang bago isagawa ang pormal na pagpapasagot sa mga instrumentong ginagamit, ang mananaliksik ay nagpadala ng opisyal na sulat upang humiling ng kinakailangang pahintulot mula sa pamunuan at punong-guro ng paaralan. Pagkatapos makuha ang opisyal na pag-apruba, sumailalim ang mga napiling mag-aaral sa isang oryentasyon. Dito, malinaw na inilahad ang pangkalahatang layunin ng kasalukuyang pag-aaral, at binigyang-diin na ang kanilang pakikilahok ay ganap na boluntaryo at hindi pinilit. Ang mga opisyal na talatanungan ay personal na ipinamigay ng mananaliksik at agad ding nakolekta pagkatapos itong sagutan ng mga

estudyante. Ito ay upang matiyak na kumpleto ang lahat ng kinakailangang impormasyon. Matapos ang aktwal na koleksyon, lahat ng nakalap na impormasyon ay maingat na pinagsama-sama, isinagawa ang pag-aayos sa computer, at inihanda para sa mga pamamaraang estadistika na isasagawa.

2.7 Etikal na Konsiderasyon

Isinagawa ang buong proseso ng pag-aaral na ito na may masusing pagsunod sa mga itinatag na etikal na pamantayan sa akademikong larangan. Tiniyak ng mga mananaliksik na ang pakikilahok ng bawat respondente ay nakasalalay sa kanilang sariling desisyon at naganap lamang matapos nilang maintindihan at pirmahan ang kinakailangang dokumento para sa pahintulot.

Dagdag pa rito, binigyang-diin ang pagprotekta at seguridad ng pagkakakilanlan ng mga kalahok. Ang pamamahala sa lahat ng sensitibong impormasyon ay alinsunod sa mga probisyon ng Republic Act No. 10173, na mas kilala bilang Data Privacy Act of 2012. Ang lahat ng mga nakuha na sagot at personal na impormasyon ay itinagong mabuti at ginamit lamang para sa mga layunin ng akademikong pag-aaral na ito.

3. RESULTS

Objective 1: Demograpikong Katangian ng mga Respondente

Talahanayan 3. Demograpikong Katangian ng mga Respondente (n = 100)

Baryabol	Kategorya	Frequency	Porsyento	
Edad	12 taong gulang pababa	2	2%	
	13–15 taong gulang	52	52%	
	16 taong gulang pataas	46	46%	
Kasarian	Lalaki	40	40%	
	Babae	60	60%	
Pinakamataas na Natamo sa Edukasyon ng mga Magulang	Walang pormal na edukasyon	10	10%	
	Hindi nakapagtapos ng elementarya	15	15%	
	Nakapagtapos ng elementarya	20	20%	
	Nakapagtapos ng sekondarya	25	25%	
	TESDA/Vocational	12	12%	
	Nakapagtapos ng kolehiyo	14	14%	
	May Masteral/Doctorate	4	4%	
	Karaniwang Kita ng Magulang	₱0–4,999	5	5%
		₱5,000–9,999	55	55%
		₱10,000–19,999	15	15%
₱20,000–29,999		10	10%	
₱30,000–49,999		12	12%	
	₱50,000 pataas	3	3%	

Mula sa talahanayan, makikita na ang karamihan sa mga respondente ay nasa edad 13 hanggang 15 taong gulang, na akma sa karaniwang edad ng mga mag-aaral sa Junior High School. Mapapansin din na mas marami ang bilang ng mga babaeng kalahok kaysa sa mga lalaki, na nagpapakita ng kaunting kawalang balanse sa distribusyon ng kasarian.

Ayon sa mga datos na may kinalaman sa kita ng mga magulang, makikita na marami sa mga pamilya ay nakapaloob sa mababang antas ng kita, partikular sa bracket na ₱5,000–₱9,999

kada buwan. Ipinapakita nito na maraming estudyante ang nagmumula sa mga pook na may limitadong pinansyal na kakayahan, na maaaring makaapekto sa kanilang pag-access sa mga kagamitan para sa pag-aaral at mga pagkakataon upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa wika.

Sa kabuuan, ang demograpikong profile ay nagpapakita na ang mga kalahok ay nasa karaniwang edad ng mga mag-aaral sa sekundarya. Mas marami ang nakatuon na kababaihan, at sila ay nagmumula sa mga pamilyang may katamtaman hanggang mababang antas ng kita at edukasyon.

Objective 2: Antas ng Kasanayan sa Wikang Filipino

Talahanayan 4. Antas ng Kasanayan sa Wikang Filipino ng mga mag-aaral

Aspeto ng Kasanayan	Mean	SD	Interpretasyon
Pakikinig	4.144	—	Sumasang-ayon
Pagsasalita	4.072	—	Sumasang-ayon
Pagbasa	4.100	—	Sumasang-ayon
Pagsulat	4.238	—	Sumasang-ayon
Saloobin at Motibasyon	4.068	—	Sumasang-ayon
Gamit ng Wika sa Tahanan at Komunidad	4.118	—	Sumasang-ayon
Kabuuang Mean	4.123	—	Sumasang-ayon

Ayon sa mga nakuhang datos, ang pangkalahatang antas ng kakayahan ng mga mag-aaral sa kursong Wikang Filipino ay nahuhulog sa categoryang "Sumasang-ayon," na sinusuportahan ng kabuuang mean na 4.123. Ang resulta ay malinaw na nagpapakita na ang mga estudyante ay may sapat at magandang antas ng kasanayan sa lahat ng sinuring aspeto ng wika.

Sa pagsusuri ng anim na magkakaibang aspekto, ang kasanayan sa pagsulat ay nakakuha ng pinakamataas na marka, kung saan ang average nito ay 4.238, na nagsisilbing patunay sa natatanging kakayahan ng mga estudyante na maayos na maipahayag at mailahad ang kanilang mga ideya gamit ang wastong estruktura at gramatika. Ang kasanayan sa pakikinig ay sumunod sa mataas na ranggo na may markang 4.144, kasama rin ang aktwal na paggamit ng wika (4.118), mga resultang naglalarawan ng kanilang kakayahan sa pagsusuri at mabisang pakikipagkomunikasyon gamit ang pambansang wika sa iba't ibang sitwasyon.

Sa kabilang bahagi, ang mga kasanayan sa pagbasa (4.100) at pagsasalita (4.072) ay nakakuha ng katamtamang mataas na marka. Ipinapakita nito na kahit mayroon silang yung kakayahan sa pag-unawa ng mga teksto at sa komunikasyong berbal, may ilang aspeto pa rin sa mga aspetong ito na nangangailangan ng higit pang pagsasanay at tulong. Gayundin, dapat isaalang-alang ang kanilang saloobin at motibasyon (4.068) ang nakakuha ng pinakamababang ranggo o mean sa lahat ng aspeto. Sa kabila nito, nananatili pa rin ito sa isang positibong pananaw, na nagmumungkahi lamang ng hamon para sa mga guro na higit pang paigtingin ang interes at personal na pagpapahalaga ng mga kabataan sa paggamit ng Wikang Filipino.

Sa kabuuan, ang resulta ng datos ay nagpatunay na ang mga estudyante ay may pantay-pantay at balanseng pag-unawa sa Wikang Filipino. Bawat aspeto nito ay nagsisilbing batayan na sama-samang nagtutulak sa kanilang pangkalahatang kakayahang linggwistika.

Objective 3: Pagkakaiba ng Kasanayan

Talahanayan 5. Pagkakaiba sa Kasanayan ayon sa Demograpikong Salik

Baryabol	Test	Value	p-value	Desisyon
----------	------	-------	---------	----------

Kasarian	t-test	0.069	0.357	Walang Pagkakaiba
Edad	ANOVA	0.655	0.580	Walang Pagkakaiba
Edukasyon ng Magulang	ANOVA	0.257	0.438	Walang Pagkakaiba
Kita ng Magulang	ANOVA	0.240	0.531	Walang Pagkakaiba

Ayon sa pagsusuring istatistikal, walang napatunayang mahalagang pagkakaiba sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Wikang Filipino batay sa kanilang demograpikong impormasyon. Ipinapakita ng pag-aaral na ito na ang kakayahang panglingguwistika ng mga kalahok ay nasa katulad at halos pantay-pantay na antas, kung saan hindi nakakaapekto ang kanilang mga indibidwal na katangian.

Objective 4: Ugnayan ng mga Kasanayan

Talahanayan 6. Ugnayan ng mga Aspekto ng Kasanayan

Aspekto	Average r	Interpretasyon
Pakikinig	0.602	Mataas
Pagsasalita	0.636	Mataas
Pagbasa	0.621	Mataas
Pagsulat	0.643	Mataas
Saloobin at Motibasyon	0.649	Mataas
Gamit ng Wika	0.621	Mataas

Bukod pa rito, lumitaw sa pag-aaral na mayroong malakas na ugnayan o koneksyon sa pagitan ng iba't ibang aspeto ng kasanayan sa Wikang Filipino. Ang natuklasang ito ay isang malinaw na tanda na ang mga malaking kakayahan at iba pang aspekto ng wika ay hindi hiwalay, kundi magkakaugnay at sabay-sabay na umunlad sa panahon ng pag-aaral.

4. DISKUSYON

Ayon sa isinagawang pananaliksik, ang mga mag-aaral sa antas ng Junior High School sa Sulu National High School ay nagpakita ng kasiyasiya at katamtamang mataas na kakayahan pagdating sa anim na pangunahing aspekto ng Wikang Filipino. Kabilang dito ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, pagsusulat, at saloobin/motibasyon, pati na ang aktwal na aplikasyon nito sa loob ng pamilya at komunidad. Sa kabuuan, ang nakuhang interpretasyong "sumasang-ayon" ay nagpapakita na ang mga estudyante ay may kakayahang gamitin ang pambansang wika sa kanilang mga akademikong gawain at sa pakikipag-usap sa lipunan. Kung susuriin ang mga anim na dimensyong ito, kitang-kita na nangunguna ang kasanayan sa pagsulat bilang larangang nakatanggap ng pinakamataas na marka. Ipinapakita ng mga datos na ang mga mag-aaral ay may kakayahan na maayos na isaayos ang kanilang mga ideya at gamitin ang wastong mga alituntunin sa gramatika. Ang natuklasang ito ay sumusuporta sa pananaw ni Martinez (2012), na nagpapakita na ang kasanayan sa pagsusulat ay isang katangian na nahuhubog sa pamamagitan ng tuluy-tuloy na pagsasanay at pagbabasa ng iba't ibang uri ng tekstong Filipino. Sa katunayan, ipinapakita rin nina Brown at Lee (2015) na ang pagsusulat ay isang mahalagang kasanayan na nangangailangan ng malawak na bokabularyo, wastong gramatika, at maayos na pagsasaayos ng mensahe.

Sa kabilang dako, ipinapakita rin ng mga estudyante ang mataas na antas ng kasanayan sa pakikinig at paggamit ng wika sa kanilang mga tahanan at paligid. Ipinapakita nito na ang Wikang Filipino ay aktibong ginagamit ng mga estudyante, hindi lamang bilang bahagi ng kanilang responsibilidad sa paaralan, kundi pati na rin bilang pangkaraniwang wika sa kanilang

pakikipag-usap. Batay sa paliwanag nina Namoc at iba pa sa taong 2024, ang pakikinig ay nagsisilbing mahalagang pundasyon para sa pag-unlad ng iba't ibang makrong kasanayan. Dagdag dito, ipinakita sa pananaliksik nina Espina at Ibojo (2023) na ang kaalaman at paggamit ng wika sa labas ng classroom ay may malaking papel sa pagpapaunlad ng kakayahang makipag-usap ng isang tao. Samantala, kahit na nasa katamtamang mataas na antas, medyo mas mababa ang kanilang mga marka sa pagbasa at pagsasalita. Ipinapakita nito na mayroon silang sapat na kakayahan sa pag-unawa at berbal na pagpapahayag, ngunit mayroong ilang aspeto pa na kinakailangang pagbutihin. Ang maliit na pagitan na ito ay nagmumungkahi ng pangangailangan para sa mas malalim na atensyon sa pag-gabay sa mga estudyante, lalo na sa higit na kumplikadong talakayan sa larangan ng akademya. Ito ay nakikita sa pagsusuri nina Idulog at iba pang mananaliksik taong 2023, ang pagbasa ay hindi lamang tungkol sa pagkilala ng mga letra kundi isang proseso na nangangailangan ng iba't ibang estratehiya para maunawaan ang konteksto at makabuo ng wastong kahulugan. Sa usaping berbal na komunikasyon, sinabi ni Altaya (2025) na ang kakayahan sa pagsasalita ay mas pinatatatag kapag may mataas na tiwala sa sarili at tuloy-tuloy ang pakikisalamuha.

Sa aspeto ng mga saloobin at motibasyon, kahit na ito ang may pinakamababa o average na marka sa lahat ng bahagi, nagpahayag pa rin ng positibong pananaw ang mga estudyante hinggil sa Wikang Filipino. Ito ay nagpapakita na kahit na naappreciate nila ang halaga ng wika, may mga hamon pa rin sa mga guro na maghanap ng mga paraan upang mas mapalakas ang interes at pagpapahalaga ng kabataan dito. Sinusuportahan nina Reyes at Galang (2009) ang ideyang ito sa pamamagitan ng pagtukoy na ang wastong saloobin at motibasyon ay mga mahalagang elemento sa pagkatuto ng wika. Ang mga ito ay nagbibigay-inspirasyon upang aktibong gamitin at paunlarin ang ating kasanayan sa wika. Sa pagsusuri ng mga pagkakaiba, lumitaw mula sa mga estadistikal na pag-aaral na walang makabuluhang diperensiya sa antas ng kasanayan sa Filipino ng mga estudyante kahit pa ito'y ituring base sa kanilang edad, kasarian, kita ng pamilya, o edukasyon ng kanilang mga magulang. Ipinapakita ito na ang kakayahang lingguwistika ng mga estudyante ay hindi nakadepende sa kanilang personal at demograpikong katangian. Ang resulta ay nagmumungkahi na ang mga mag-aaral sa institusyon ay tumatanggap ng pantay-pantay na oportunidad at pansin sa pag-aaral ng wika. Ang perspektibong ito ay katulad ng mga resulta mula sa pag-aaral ni Locus (2023), na nagsasaad na ang kakayahang pangwika ng mga Pilipino sa iba't ibang makrong kasanayan ay nananatiling mataas, kahit anuman ang kanilang pinagmulan sa sosyo-ekonomiya. Sa dulo ng pagsusuring ito inilarawan ng korelasyon na may makabuluhan at mataas na koneksyon ang bawat isa sa mga aspekto ng kasanayan sa Wikang Filipino. Ibig sabihin nito ay ang pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsulat ay hindi mga hiwalay na kakayahan. Sa halip, sila ay magkakaugnay at sabay-sabay na umuunlad. Ang resulta ng pagsusuring ito ay talagang umaayon sa teorya nina Ranque, Liwanan, Nieva, at Bernal (2024), na nagsasaad na ang wika ay isang magkakaugnay na sistema. Sa sistemang ito, bawat natatanging elemento ay may mahalagang papel sa kabuuang kakayahan ng isang estudyante.

Sa kabuuan, ang mga natuklasan ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kasanayan sa Wikang Filipino, na malaki ang kontribusyon sa kanilang pakikipag-ugnayan sa iba. Gayundin, ipinapakita ng mga datos na kinakailangan pang palakasin ang kanilang motibasyon at ilang mahahalagang kasanayan tulad ng pagsasalita upang mapabuti ang antas ng kanilang kahusayan.

5. KONKLUSYON

Batay sa mga resulta ng isinagawang imbestigasyon, maaring patunayan na ang mga estudyante sa antas ng Junior High School sa Sulu National High School ay mayroong kasiya-siya at medyo mataas na antas ng kaalaman sa Wikang Filipino. Ang pangkalahatang kasanayang ito ay sumasaklaw sa lahat ng sinuring aspeto, lalo na ang mga pangunahing kakayahan sa pakikinig, pagsasalita, pagbasa, at pagsusulat. Kabilang din dito ang kanilang pansariling pananaw, motibasyon, at ang aktwal na paggamit ng wika sa loob ng tahanan at komunidad. Sa pagsusuri ng bawat indibidwal na aspeto, malinaw na ang kakayahan sa pagsulat ang nakamit ang pinakamataas na marka sa grupo ng mga estudyante. Sa kabilang aspeto, kahit hindi naman ito umabot sa negatibong antas, ang pananaw at pagnanais ng mga kabataan na gumamit at tangkilikin ang Wikang Filipino ay nakapagtala ng mas mababang marka kumpara sa ibang kasanayan.

Sa isyu ng pagkakaiba sa mga grupo, ipinakita ng mga estatistika na walang napag-alamang mahalagang pag-uusap ang antas ng kakayahan sa wika ng mga estudyante, kahit ano pa man ang kanilang kasarian, edad, edukasyonal na antas ng magulang, o katayuan ng pamilya sa pananalapi bawat buwan. Ang mga resulta ay nagpapahiwatig ng isang mahalagang pahayag na ang kakayahan sa wika ng mga kabataan ay pantay-pantay at hindi basta-basta nahuhubog o pinapagana ng kanilang mga personal na katangian at sosyo-ekonomikong estado. Bukod dito, ipinakita ng pag-aaral na mayroong solid at positibong koneksyon sa mga pangalawang kategorya ng kasanayan sa Wikang Filipino. Ipinapahayag nito na ang mga aspeto na ito ay nagtutulungan bilang isang kumplikadong sistema, kung saan ang pag-unlad ng isang bahagi ay kaugnay ng pagsulong ng iba't iba pang aspeto. Sa kabuuan, ang mga pag-aaral ay nagpapakita na ang kakayahan sa Wikang Filipino ay isang komprehensibong kasanayan na mas pinatitibay sa pamamagitan ng tuloy-tuloy na pakikipag-usap, aktwal na karanasan, at iba pang pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan o sa labas nito.

Pahayag sa Paggamit ng AI

Ang AI tool ay ginamit lamang para sa pagwawasto ng gramatika at pag-aayos ng wika. Ang lahat ng nilalaman, kabilang ang pagsusuri, interpretasyon, at konklusyon ng pag-aaral, ay orihinal na ginawa ng may-akda.

SANGGUNIAN

Abrams, L. (2019). *Listening skills for language learners*. Routledge.

Altaya, G. (2025). Skills in speaking Filipino as a second language in the development of interactive strategies for natural, active, and proficient speakers (SIKLAB). *International Journal of Social Science and Education*.

Bautista, M., & Bernardo, A. (2017). Antas ng kasanayan sa wikang Filipino at ugnayan nito sa pagganap sa asignatura. *Philippine Journal of Language Education*, 12(1), 45–60.

Brown, H. D., & Lee, H. (2015). *Teaching by principles: An interactive approach to language pedagogy* (4th ed.). Pearson Education.

Commission on Higher Education. (2012). CHED memorandum order no. 46, series of 2012: Policies and guidelines on the outcomes-based education (OBE) for Philippine higher education. <https://ched.gov.ph>

Commission on Higher Education. (2012, November 26). CMO no. 46, s. 2012: Policy-standard to enhance quality assurance in Philippine higher education. <https://www.scribd.com/document/414523736>

Cummins, J. (2000). Language, power, and pedagogy: Bilingual children in the crossfire. *Multilingual Matters*.

de Guzman, R. (2020). Epekto ng antas ng edukasyon ng mga magulang sa kasanayan sa wika ng mag-aaral. *Journal of Filipino Linguistics*, 8(2), 77–95.

Dela Cruz, P. (2020). Paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa Junior High School: Kasanayan sa pagbasa at pagsulat. *Educational Research Journal*, 15(3), 112–130.

Espina, J., & Ibojo, D. T. (2023). Developing comprehension skills in English and Filipino through code switching: An experimental study. <https://doi.org/10.5281/zenodo.8287161>

Gonzales, L. (2016). Mga salik na nakakaapekto sa kasanayan sa pagbasa at pagsulat ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. *Asian Journal of Education*, 7(2), 33–50.

Idulog, M. V., Gadiano, R., Toledo, E., Hermosada, M., Casaldon, H., Mariposa, M., Geron, C., Dequito, E., Genanda, J., Malipot, M. A., Pentang, J. T., & Bautista, R. (2023). Filipino students' reading abilities: A note on the challenges and potential areas for improvement. <https://doi.org/10.57092/ijetz.v2i2.128>

Krashen, S. D. (1982). *Principles and practice in second language acquisition*. Pergamon Press.

Locus, S. (2023). SWS: 75% of Pinoys competent in Filipino language, 47% in English. *GMA Integrated News*.

Martinez, V. (2012). Challenges in formal Filipino writing among 9th grade students in special programs in the Philippines. <https://journals.stecab.com>

Meniado, J. (2019). Demographic variables and English proficiency of adult language learners: A correlational study. *Asian Institute of Research*.

Namoc, R., Jumawan, R., Jagutin, J., Gumalin, W., Janlay, C., Juntilla, Z. J., Vallar, S. M., Famocul, C. F., Gallemaso, R., Rojas, M., & Kilaton, L. (2024). Students' level of listening skill in Filipino language in higher education.

Navarro, J. (2021). Ang papel ng wikang Filipino sa kontekstong pangkomunidad. *Mindanao Language and Culture Review*, 3(1), 55–72.

- Philippine Qualifications Framework. (2012). National framework for higher education outcomes and qualifications. <https://pqf.gov.ph>
- Philippines. (1994). Republic Act No. 7722: Higher Education Act of 1994. <https://www.officialgazette.gov.ph>
- Philippines. (2012). Executive Order No. 83, s. 2012: Institutionalizing the Philippine Qualifications Framework. <https://pqf.gov.ph>
- Philippines. (2012). Republic Act No. 10173: Data Privacy Act of 2012. <https://www.officialgazette.gov.ph>
- Philippines. (2018). Republic Act No. 10968: Philippine Qualifications Framework. <https://pqf.gov.ph>
- Ramos, K. (2021). Ugnayan ng positibong saloobin sa Filipino at akademikong tagumpay ng mag-aaral. *Philippine Educational Studies*, 19(1), 88–105.
- Reyes, M. (2018). Kasanayan sa pagsasalita ng Filipino at kaugnayan nito sa kumpiyansa ng mag-aaral. *Journal of Philippine Language Research*, 6(2), 29–44.
- Reyes, M. L., & Galang, A. J. (2009). Motivational and social aspects of the Filipino college experience.
- Richards, J. C., & Schmidt, R. (2010). *Longman dictionary of language teaching and applied linguistics* (4th ed.). Routledge.
- Santos, T. (2019). Socio-economic status at kasanayan sa wika ng mga mag-aaral sa pampublikong paaralan. *Philippine Journal of Educational Research*, 11(4), 77–94.
- Swain, M. (2005). The output hypothesis: Theory and research. In E. Hinkel (Ed.), *Handbook of research in second language teaching and learning* (pp. 471–483). Routledge.
- United Nations. (2015). Sustainable Development Goal 4: Ensure inclusive and equitable quality education. <https://sdgs.un.org/goals/goal4>
- Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.